JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamponon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 6



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan - Modyul 3
## Pinagkukunang-yaman: Pahahalagahan at Pananagutan Ko



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



## Alamin

Ang ating bansa ay sagana sa likas na yaman na nagmumula sa dagat, bundok at lupa, pati na ang nasa ilalim nito. Ito ang pinagkukunan ng kabuhayan ng ating mga kapuwa Pilipino.

Subalit dahil sa kawalan ng pagpapahalaga at pananagutan sa hanapbuhay at pinagkukunang-yaman, mabilis na nauubos ang mga ito. Napakaraming gawain ang mga tao na nakasisira sa kalikasan.

Sa modyul na ito, inaasahan na makamit mo ang layuning ito:

a. Nakagagamit nang may pagpapahalaga at pananagutan sa kabuhayan at pinagkukunang-yaman. **EsP6PPP-IIIe-36**



## Subukin

Bilang panimulang gawain, simulan ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagtugon sa hinihingi sa bahaging ito. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa patlang bago ang bilang.

_____1. Ang “Old Houses in Vigan” ay isang halimbawa ng:

a. parke  b. museo  c. lumang bahay  d. simbahan

_____2. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit sa pagguhit?

a. damit  b. lapis  c. gitara  d. larawan

_____3. Ang tawag sa teknik ng pintor upang ipakita ang layo o distansiya at lalim at lawak ng kanyang likhang-sining?

a. kulay  c. ilusyon at espasyo
b. linya  d. hugis

_____4. Anong sining ang ginawa ng mga malikhaing tao na nagpapakita ng kanilang kahusayan sa paglikha ng bagay-bagay?

a. likhang-sining  c. sining at kultura
b. sining ng kalusugan  d. sining at teknolohiya

_____5. Ito ang mga bagay na makikita sa harapan at malaki ang pagkakaguhit.

a. middle ground  c. foreground
b. background  d. wala sa nabanggit

| Aralin 13 | Pinagkukunang-yaman: Pahahalagahan at Pananagutan Ko |
| --- | --- |



## Balikan

Muli nating balikan ang kahusayan at kasipagan ng mga Pilipino sa pangangalaga at pagpapahalaga na kanilang naiambag sa ating bansa. Piliin ang pangalan ng taong nasa Hanay B na tinutukoy sa tagumpay na ipinapahayag sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bawat bilang.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| _____1. Kampeon sa Asia's Got Talent Season 1 | A. Manny Pacquiao |
| _____2. Pilipinong tumanggap ng International Children Peace Prize Award | B. Lea Salonga |
| _____3. Kilala bilang Kim sa Miss Saigon noong 1989 | C. Corazon C. Aquino |
| _____4. Pinakaunang babaeng Pilipino na naging pangulo ng Pilipinas | D. Kesz Valdez |
| _____5. Tinaguriang Pambansang Kamao | E. El Gamma Penumbra |



## Tuklasin

Basahin ang balita sa ibaba na nagbibigay ng karangalan sa bansa sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagpapahalaga at pananagutan sa kabuhayan at pinagkukunang-yaman.

## Isang Pinay, Bilang Environmental Hero

Constancia Paloma

Isang retiradong siyentipikong Pilipino ang nagbigay ng karangalan sa bansa matapos siyang mailathala sa Time Magazine bilang isa sa mga "Heroes of the Environment" (Mga Bayani ng Kalikasan)

Si Jurgenne Primavera, naninirahan sa Iloilo ay senior scientist sa Southeast Asian Fisheries and Development Center (SEAFDEC) hanggang sa siya ay magretiro noong taong 2006. Sinasabi ni Primavera sa isang panayam na natutuwa siya na nailathala siya ng Time Magazine sapagkat ito ay magdadala sa kaniyang kampanya sa mas malawak na audience.

"Hindi ito para sa akin. Ito ay para sa mga bakawan (mangroves)", sabi niya. Isa si Primavera sa 30 grupo ng mga tao, na binubuo ng mga aktibista, siyentipiko, mga tanyag na tao, imbentor at mananalapi sa buong mundo na pinarangalan dahil sa kontribusyon sa pangangalaga at pagprotekta ng kalikasan.

Hindi nila malulutas mag-isa ang suliranin sa climate change o ang endangered species. Subalit dahil sa kanilang mga halimbawa, ang kanilang kusang pag-aalay ng sarili sa bagay na sinasabi nilang "hopeless case", ang mga bayani ng kalikasan ay nagbigay ng ilaw sa dilim", ayon din sa ulat ng Time Magazine.

May ulat mula sa pamahalaan na mayroon na lamang 120,000 ektarya ng bakawan sa Pilipinas. Bumaba ito mula sa 500,000 na ektarya noong 1990.

Batay sa nabasang balita, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Paano ipinakita ni Jurgenne Primavera na karapat-dapat siya sa karangalan bilang isa sa mga "Heroes of the Environment"?

2. Bakit niya binigyan ng pagpapahalaga at pananagutan ang pinangkukunag-yaman?



## Suriin

Ang kalikasan ay isang biyayang bigay ng ating Panginoon. Dito nanggagaling ang lahat ng mga bagay na ating ikinabubuhay. Lahat ng mga ito ay maganda at kapakipakinabang. Kaya't nararapat lang na atin itong pahalagahan at alagaan.

Bilang isang Pilipino, tungkulin nating pangalagaan at pahalagahan ang lahat ng mga ito. Ang **Likas-kayang Pag-unlad** ay ang wastong pangangalaga sa kapaligiran para sa kasalukuyan at susunod na henerasyon.

Kinakailangan tayong mabahala sa kasalukuyang kalagayan ng ating mundo. Nakikita na natin ang epekto ng pagdaing ng ating kalikasan.

Magbigay ng isang masamang epekto sa ating kapaligiran sa bawat suliranin na nakasulat sa unang hanay.

| Suliranin | Masamang Epekto |
|---|---|
| 1. Paggamit ng dinamita | |
| 2. Polusyon sa hangin | |
| 3. Iligal na pagtotroso | |
| 4. Pagtapon ng basura sa dagat at ilog | |
| 5. Usok ng mga sasakyan | |



**Pagyamanin**

**Gawain 1**

Sagutin ang katanungan. Isulat sa patlang ang sagot.

1. Ano ang ibig sabihin ng likas-kayang pag-unlad?

    ______________________________________________

2. Bakit kailangan nating palitan ang mga punong pinutol?

    ______________________________________________

3. Bakit kailangang ibukod ang basurang nabubulok at basurang di-nabubulok?

    ______________________________________________

4. Paano mo mapapanatiling malinis ang kapaligiran?

    ______________________________________________

5. Paano ang tamang paggamit at pagtitipid ng tubig?

    ______________________________________________

**Gawain 2**

Basahin at unawain ang mga pangungusap. Sagutin ng **Tama** o **Mali.** Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

_______1. Tungkulin ng pamahalaan ang pagtuturo ng pagpapahalaga at pananagutan sa kabuhayan at likas-yamang pinagkukunan.

_______2. Magkatugon ang pangangailangan ng tao at likas-yaman sa isa't isa.

_______3. Nababatay ang pamumuhay at ang kaligtasan ng tao ayon sa kalagayan ng mga likas na yaman o natural resources.

_______4. Kahit na may karapatan ang tao sa kabuhayan at paggamit ng likas-yaman na pinagkukunan, marami pa rin ang naghihirap at namamatay sa gutom.

_______5. Kailangan ang matalinong paggamit ng mga likas na yaman upang matugunan ang pangangailangan ngayon at sa hinaharap.



## Isaisip

Sagutin ang tanong. Isulat sa patlang ang sagot.

1. Paano makatutulong sa mga tao ang wastong pangangalaga sa kalikasan? (3 puntos)

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________



## Isagawa

Sumulat ng isang talata tungkol sa pagpapahalaga sa pinagkukunang-yaman kahit sa simpleng pamamaraan at pagmamalasakit. Bigyan ito ng angkop na pamagat. (10 puntos)

______________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

Rubric sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata

| Mga Batayan | Antas sa Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1.Nilalaman | Malinaw na naipapahayag sa talata ang tungkol sa pagpapahalaga sa pinagkukunang yaman. | Hindi masyadong malinaw na naipapahayag sa talata ang tungkol sa pagpapahalaga sa pinagkukunang yaman. | Malayo sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng talata. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. | Maayos ang pagkakasulat ng talata. 1 sa 3 bahagi ng talata ang hindi naipapamalas nang wasto. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng talata. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |



**Tayahin**

Basahin at unawaing mabuti ang tanong. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Kung marumi ang ilog sa inyong pamayanan, ano ang gagawin ng mga kabataang katulad mo?

a. Maglagay ng isda sa ilog.

b. Magpaskil ng karatulang nagbabawal magtapon ng basura sa ilog.

c. Magkaroon ng mga parada ng mga bangka.

d. Hulihin ang lahat ng mga isda.

2. May programang "Piso para sa Mindanao" na naglalayong pondohan ang rehabilitasyon ng mga lugar sa Mindanao na nasira ng giyera. Ano ang gagawin mo?

a. Maglalaan ako ng piso mula sa aking baon.

b. Hihingi ako ng pera sa magulang para sa kontribusyon at ipaliwanag ang tungkol ditto.

c. Iwasan ang pagbibigay.

d. Lahat ng mga nabanggit.

3. Ang pagtatapon ng basura o kalat sa kanal ay ________________?

a. ginagawa lamang kung panahon ng tag-ulan

b. gawaing bawal

c. nararapat

d. nakaugaliang gawain

4. Inaanyayahan ang mga kabataang lumahok sa programang, Alay Tanim. Ano ang gagawin mo?

a. Sasali at susuporta sa programa

b. Hindi makialam

c. Magwawalang bahala

d. Umiwas sa mga kabataan

5. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng pangangalaga ng pinag-kukunang yaman?

a. Magtanim ng mga punong-kahoy

b. Huwag magtapon ng basura sa ilog

c. Hindi mag-aksaya ng tubig

d. Pagsunog ng mga basura

6. Nagprotesta ang mga mangingisda sa pagtatapon ng mga pabrika ng kanilang basura. Ano ang opinyon mo rito?

a. Nakakasira lamang sa kapayapaan ang pagtutol nila

b.Dapat ipasara ang mga pabrikang hindi nakakasunod sa mga batas laban sa polusyon

c. Humanap ng ibang hanapbuhay ang mga mangingisda

d. Huwag munang mangisda ang mga mangingisda

7. May negosyanteng nais magtayo ng pagawaan ng produkto ng goma sa inyong subdivision. Ano ang masasabi mo rito?

a. Hindi angkop na pang-industriya ang mga lugar na pinaninirahan ng tao.

b. Magandang hanapbuhay para sa mga nakatira rito.

c. Dapat sang-ayunan ang proyektong ito.

d. Dagdag kita sa barangay kung saan nakatayo ang pabrika

8. Hinihikayat ang mga magsasaka sa paggamit ng mga mababagsik na mga kemikal para sa pagpuksa sa mga piste ng palayan. Ano ang masasabi mo rito?

a. Dapat itong tigilan dahil nakakasira ito sa mga taong kumakain ng bigas mula sa palay

b. Mahalaga para dadami ang produktong palay

c. Minsan lang gamitin ang kemikal

d. Damihan ang tubig na ihahalo sa kemikal

9. Bakit kailangang pangalagaan ang kapaligiran?

A. Mahalaga ito para sa susunod na henerasyon

b. Ito ay nakakatulong at nakabubuti sa mga tao

c. Nakakatulong sa kalikasan at kalusugan

d. Lahat ng mga nabanggit

10. Kung ikaw ay may pera, paano ka makakatulong sa proyektong pangkalikasan sa iyong barangay?

a. tutulong b. magbibingi-bingihan

c. huwag pansinin d. wala sa mga nabanggit

## Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Tuklasin |
|---|---|---|
| 1. C | 1. E | 1. Iwawasto ng guro ang sagot |
| 2. B | 2. D | 2. Iwawasto ng guro ang sagot |
| 3. C | 3. B | |
| 4. A | 4. C | Suriin |
| 5. C | 5. A | 1-5. Iwawasto ng guro ang sagot |

Pagyamanin

Gawain 1
1. Ang likas-kayang pag-unlad ay ang wastong pangangalaga sa kapaligiran para sa kasalukuyan at susunod na henerasyon.

2-5. Iwawasto ng guro ang sagot

Gawain 2
1. Tama 2. Tama 3. Tama 4. Tama 5. Tama

Isaisip – Iwawasto ng guro ang sagot (3 puntos)

Isagawa - Iwawasto ng guro ang sagot (10 puntos)

Tayahin

| | |
|---|---|
| 1. B | 6. B |
| 2. B | 7. A |
| 3. B | 8. A |
| 4. A | 9. D |
| 5. D | 10. A |

# Sanggunian:

Zenaida R. Ylarde, Gloria A. Peralta "UGALING PILIPINO SA MAKABAGONG PANAHON 6", 2016, 90-93.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat: | **SARRAH GAY D. QUINALAGAN**, *Teacher - III*<br>Balangasan Central Elementary School<br>District 8, Pagadian City Division |
| Tagasuri: | **METUSHELA UBAS-SALAC**, *Master Teacher - I*<br>Dumagoc Elementary School |
| Patnugot: | **JOVITA A. DUGENIA**<br>EPS-EsP |
| Tagapamahala: | **DANNY B. CORDOVA, CESO VI**<br>OIC Schools Division Superintendent<br>**MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE**<br>OIC Assistant Schools Division Superintendent<br>**MARIA DIOSA Z. PERALTA**<br>CID-Chief<br>**MA. MADELENE P. MITUDA, EdD**<br>EPS-LRMDS |

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.